SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by: ____
Date: 9-29-23 Time: 10:20

# KAPASIYAHAN BLG. 2023-148

**"KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN AT LUMAGDA SA ISANG DEED OF DONATION SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN AT DEPARTMENT OF SCIENCE AND TECHNOLOGY (DOST) REGIONAL OFFICE NO. III, NA NAUUKOL SA PAGPAPATUPAD NG PROYEKTO NA MAY PAMAGAT NA 'ROLL-OUT OF 1000 RXBOX TELEHEALTH DEVICE IN SELECTED RURAL HEALTH CENTERS IN THE PHILIPPINES'."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Juliet DJ. Dela Cruz**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na mabigyang pahintulot na katawanin at lumagda sa isang Deed of Donation sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at Department of Science and Technology (DOST) Regional Office No. III;

**SAPAGKA'T,** sa Deed of Donation na ito tatanggap ng mga RxBox na naglalaman ng iba't ibang kagamitan sa pag-monitor ng kalusugan ang RHU at mga Lying-in Clinics;

**SAPAGKA'T,** sa ginawang pagpupulong ay napatunayang ang Deed of Donation na ito ay lubos na makakatulong sa mga mamamayang Bustosenyo na magkaroon ng access sa mga kagamitan na maaaring makapagligtas sa kanilang buhay.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. JULIET DJ. DELA CRUZ** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na bigyan pahintulot ang Punong Bayan, Francis Albert G. Juan, na katawanin ang Pamahalaang Bayan ng Bustos at lumagda sa Deed of Donation sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan at Department of Science and Technology (DOST) Regional Office No. III, na nauukol sa pagpapatupad

ng proyekto na may pamagat na "Roll-out of 1000 Rxbox Telehealth Device in selected rural health centers in the Philippines".

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-18 ng Setyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Marie Niña Nikkie Perez, MA**<br>Kasangguni | **Leo T. Santos**<br>Kasangguni |
| **Phillip Wryner B. Santos**<br>Kasangguni | **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni |
| **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni | **Soliman C. Santos**<br>Kasangguni |
| **Wilfredo G. Canoza**<br>Kasangguni | **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni |
| **Virgilio S. Paglinawan**<br>ABC President | **Angelica DL. Tadeo**<br>SK President |

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-18 ng Setyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim